₱rice Alert

Pebrero 2012

Pagsirit ng Presyo ng LPG: Pang-"mayaman" na lang

Ka-partner ng kababaihan ang LPG dahil sila ang pangunahing nag-aasikaso ng pang araw-araw na pangangailangan ng pamilya katulad ng paghahanda ng pagkain. Kaya sila ang isa sa una at direktang apektado sa pagtaas ng presyo ng LPG na pangunahing gamit sa pagluluto.

Sa unang dalawang buwan pa lamang ng taon, dalawang beses nang nagtaas ang presyo ng LPG. Unang inanusyo ang P3.00 na dagdag singil sa kada kilo ng LPG sa unang linggo ng Enero, sa ikalawang pagtataas noong unang linggo ng Pebrero, P6.00 naman ang dagdag na singil. Kaya naman, noong nakaraang taon, nasa P739.50 hanggang P801.20 ang presyo ng isang 11kg tangke ng LPG, tumaas ito ng 10-20% sa P788.00 hanggang P935.60 ngayong taon (tingnan ang Table 1).

Table 1. Average Price of Leading Brands of 11kg LPG tank , February 2011 and 2012 (in peso)

Brand	Shellane		%	Gasul		%
Year	2011	2012	increase	2011	2012	increase
Metro Manila and LUZON	739.5*	848.50	14.74%	712.5*	788.00	10.60%
VISAYAS	769.14	923.25	20.03%	774.75	916.12	18.25%
MINDANAO	801.20	935.60	16.70%	766.66	899.50	17.33%

* December 2010 prices
Source: processed from DOE Oil Monitor

Table 2. Price Range of 11kg LPG* tank, February 2012 (in peso)

Area	Price Range
Metro Manila and LUZON	786.00 - 858.00
VISAYAS	876.00 - 993.00
MINDANAO	882.00 - 1,020.00

* major brands only = Shellane and Gasul
Source: DOE Oil Monitor

Graph 1. Price Range of 11kg LPG tank, Feb 2012



Source: DOE Oil Monitor

Sa Pilipinas, Gasul, Shellane, Fiesta Gas (dating Caltex Gas), Petronas and Pryce ang mga pangunahing *brands* ng LPG. Bagama't may 22 brands na available sa buong bansa, kalakhan nito ay nasa Metro Manila at Luzon lamang, habang ang unang limang nabanggit ang matatagupuan sa Visayas at Mindanao. Dahil mas kakaunti ang mga brands na pagpipilian sa Visayas at Mindanao, karaniwang mas mataas ang presyo nito kaysa sa Metro Manila at ilang bahagi ng Luzon. Kung susuriin halimbawa ang presyo ng Gasul at Shellane, dalawang pangunahing brands sa Visayas at Mindanao, makikita na habang ang presyo ng LPG ay naglalaro sa P786.00 hanggang P858.00 sa Metro Manila, ang presyo nito sa Visayas at Mindanao ay nasa P876.00 hanggang P1,020.00 (tingnan ang Table 2 at Graph 1).

Ang pagtaas ng presyo ng LPG ay direktang nakakaapekto sa badyet ng pamilya. Ayon sa Family Income and Expenditure Survey ng NSO, tumaas ang household expenditure sa LPG ng 26.89% mula 2003 hanggang 2006 at 16.89% mula 2006 hanggang 2009.

Dahil sa pagtaas ng presyo ng LPG, naitala ang malaking bahagi ng pagpapalit ng gamit sa pagluluto. Sa resulta ng sarbey ng CWR noong 2006, lumabas na marami sa mga dating gumagamit ng LPG ay pinili na lamang gumamit ng uling o kaya ay panggatong para makatipid at makaagapay sa pagtaas ng presyo ng iba pang bilihin. Kaya sa ngayon, kinokonsidera ng maraming nanay na hindi na nila ka-partner ang LPG.
Kumbaga, pang-"mayaman" na lamang ito.

Center for Women's Resources
127-B Sct. Fuentebella Brgy. Sacred Heart
Quezon City 1103 * 411-2796 * 920-1373
cwrgrl@gmail.com * www.cwrweb.org